# FABalita

OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN

freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB


"Matatapos na po ang taon, pero magsisimula pa lang tayo. Hiling namin ang inyong tiwala at pang-unawa sa mga programa at panukala ng AFAB na siyang bunga ng tapat na hangaring iangat ang antas ng pamumuhay sa FAB."

## Buong suporta ng DBM, tinanggap ni AFAB Admin HPP



Photo courtesy of Department of Budget and Management (www.facebook.com/DBMgovph/)

AFAB Administrator & CEO Mohammed Hussein P. Pangandaman at DBM Secretary Amenah F. Pangandaman kasama ang mga kawani ng mga ahesyang pinamumunuan matapos ang pag-uusap para sa mga paghahandang pinansyal sa taong 2024.

Bumisita kay Department of Budget and Management (DBM) Secretary Amenah F. Pangandaman ang pamunuan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa pangunguna nina Administrator & CEO Mohammed Hussein Pangandaman, Deputy Administrator for Support Services Malou L. Herrera, at Finance Department Manager Charles M. Ramones noong ika-5 ng Disyembre 2023.

Kasama rin nila ang mga opisyal ng DBM at mga kawani ng Budget and Management Bureau C. Dito'y nagkaroon ng mga pag-uusap ukol sa pagsasaayos ng strukturang organisasyonal ng AFAB at mga proyekto sa hinaharap na malugod namang sinuportahan ng DBM.

Ang nasabing gawain ay isa lamang sa maraming paghahanda ng pamunuan ng AFAB para sa pagpapanatili at pagpapaigting sa kalidad na serbisyo publikong inilalatag nito sa pagpapalit ng taon 2024. ■

## Dong In Group, binisita ng AFAB

Naglibot kamakailan si Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator & CEO Mohammed Hussein Pangandaman sa siyam (9) na mga kumpanya ng Dong In Group, isang rehistradong negosyo sa Freeport Area of Bataan (FAB).

Kasama si Ms. Eunice Pangandaman at ang pamunuan ng AFAB kabilang sina Office of the Administrator Group Head Atty. Percival Peralta, Chief of Staff Augusto Kimpo, Deputy Administrator for Operations Atty. Michael Angelo P. Paderanga, at FAB Enterprise Department Manager Atty. Lawrence Leo Pelaez, nasaksihan ng grupo ang aktuwal na operasyon ng ilang kumpanya ng Dong In Group at kanilang produksyon ng mga produktong pang-export, tulad ng mga kagamitan sa camping, mga bag, kayak, golf bag, at iba pa.



AFAB Administrator & CEO Mohammed Hussein P. Pangandaman kasama ang pamunuan ng AFAB sa produktibong pagbisita sa mga kumpanya ng Dong In Group sa FAB.

Ipinapakita ng nasabing aktibidad ang lubos na pagkilala at aktibong partisipasyon ng pamunuan ng AFAB para sa kapakanan ng mga negosyo't bawat manggagawa - gawaing patuloy na nagbubunga ng pag-unlad ng ekonomiya sa loob ng FAB. Ito ay isang tugon ng AFAB sa hamon na mas pag-ibayuhin pa ang paggawa't pagtupad ng mga polisiya para sa kapakinabangan ng mga manggagawa. ■

# Tanggapan ng Pag-IBIG, Metrobank, nasa FAB na!

Pormal nang pinasinayaan ang pagbubukas ng mga bagong tanggapan ng Pag-IBIG Fund Mariveles Branch at ng Metrobank (Jascana) sa magkahiwalay na araw na mga seremonya ng ribbon cutting at pagbabasbas noong buwan ng Disyembre.



Pormal na pagbubukas ng Pag-IBIG Fund Mariveles Branch sa AFAB Administration Building, 3rd Floor noong ika-18 Disyembre 2023.

Malugod na dinaluhan ni AFAB Administrator & CEO Pangandaman ang pagbubukas ng tanggapan ng Pag-IBIG at mga opisyal nito kabilang si Ms. Marilene C. Acosta, Pag-IBIG Fund Chief Executive Officer at Mr. Alexander Hilario G. Aguilar, Deputy Chief Executive Officer of Member Services Operations Cluster.



Inagurasyon ng Metrobank (Jascana Building) Branch malapit sa FAB Central Terminal noong ika-20 Disyembre 2023.

Samantala, sinuportahan naman ni AFAB Deputy Administrator for Support Services Malou L. Herrera ang pagpapasinaya sa tanggapan ng Metrobank kasama ang mga opisyal ng nasabing sangay.

Para sa mga transaksyong idudulog sa Pag-IBIG, magtungo lamang sa ikatlong palapag ng AFAB Administration Building, FAB, Mariveles. Matatagpuan naman ang bagong tanggapan ng Metrobank sa Jascana Building malapit sa FAB Central Terminal. ■

# Workplace Safety at Emergency Response, prayoridad ng AFAB



Pagsasama-sama ng mga safety officers sa loob ng Freeport Area of Bataan (FAB) para sa isang makabuluhang kumperensya ng Workplace Safety sa FAB noong ika-14 ng Disyembre 2023.


Mga kawani ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) matapos ang limag araw na produktibong pagsasanay sa Incident Command System (ICS) kasama ang mga eksperto mula sa iba't ibang ahensya ng gobyerno, kabilang ang NDRRMC.

Regular na isinasagawa ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) ang iba't ibang mga kumperensya at pagsasanay para sa mga kawani nito, gayundin sa mga manggagawa sa FAB upang paigtingin ang kaalaman ng mga ito sa pagpapanatili ng ligtas na trabahuan sa Freeport.

Sa magkahiwalay na araw, naging produktibo ang isinagawang kumperensya ng AFAB at ng 3M and Switch Industrial Sales Corporation, kasama ang 70 safety officers ng FAB at masusing pagsasanay ng Incident Command System (ICS) Level 3 ng mga kawani ng AFAB.

Pinangunahan ni Engr. Rodney Ronsaryo - Application Engineering Specialist ng 3M ang mga paksa ukol sa wastong paggamit ng mga Personal Protective Equipment. Ang nasabing kumperensya ay pinamagatang "Science of Fit" sa temang "Towards World-Class Safety Standards with the Right Personal Protective Equipment".

Layon naman ng ICS Training na sanayin ang mga piling kawani ng AFAB sa wasto at mabilis na aksyon, pagkalap ng tamang impormasyon, at pagresponde sa panahon ng pangangaliangan at sakuna. Pinangunahan ito nila Robert Carreon - Local DRRM Officer III ng Balanga City DRRM Office, PMAJ Dennis Duran - Chief of Police, Limay MPS, Bataan PPO, at SINSP Arvin Catipon - Regional Chief, Public Information Services BFP Region 3.

Naging produktibo rin ang nasabing pagsasanay sa pakikipagtulungan ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC). ■

# FAB BITS



Bilang bahagi ng pagdiriwang ng kapaskuhan at ika-15 Anibersaryo ng FAB, patuloy pa rin ang pagbisita ng AFAB sa mga rehistradong kumpanya sa FAB upang ipamahagi ang libreng burger at juice drinks para sa mga mahal nating mga manggagawa. Noong ika-27 ng Disyembre, nagtungo ang AFAB sa San Miguel Foods, Inc. at Dunlop International (Philippines), Inc. para sa nasabing gawain na sinalubong naman ng matatamis na ngiti ng pasasalamat ng mga tumanggap. ■


Sinalubong ng AFAB ang mga kawani ng DTI Zambales Provincial Office and Zambales Investment Promotion sa isang Benchmarking Activity noong ika-12 ng Disyembre 2023. Dito'y ipinakita ng AFAB ang mga mahuhusay nitong mga proseso sa pang-eenganyo ng mga mamumuhunan sa FAB. ■



Tinanggap ng AFAB ang pagkilala ng Department of Information and Communications Technology Region 3 (DICT Region 3) noong ika-5 ng Disyembre 2023 para sa aktibong pagsuporta nito sa mga programa't inisyatibo ng nasabing ahensya. Inaasahang patuloy pa rin ang kolaborasyon ng AFAB at DICT tungo sa mabilis at makabagong paghahatid ng serbisyo para sa publiko. ■


Tumanggap ng pagkilala't parangal ang AFAB mula sa PSA sa isinagawang Philippine Identification System Partnership and Stakeholders' Recognition Ceremony noong ika-7 ng Disyembre 2023 sa siyudad ng Balanga, Bataan. Kabilang ang AFAB sa mga ahensyang aktibong sumusuporta sa mga inisyatibo't programa ng PSA. ■